

PROLOGUE

Erotica novel lang ang peg niya.

Napangiti si Nikki sa kaisipang iyon. Nagising siya sa kalagitnaan ng gabi dahil sa mainit na presensya ng isang lalaki sa silid. Kasabay niyon ang takot at kaba, ngunit kaagad niyang pinalis ang mga emosyon. Hindi niya iyon kailangan sa misyon niya ngayong gabi.

What she needed was hot sweaty sex with the man of her dreams. And that was what she would have. Hesitations did not have a place tonight.

Hindi siya impulsive at lalong hindi siya promiscuous. Sa katunayan, sa edad niyang twenty-six, wala pa siyang naging nobyo. Hindi lang iyon dahil iilan lamang ang nabihag ng mala-*Betty La Fea* na beauty niya, karamihan din sa mga nagtangkang manligaw ay hindi niya gusto. Masyado rin siyang nakatuon sa pag-aaral at sa mahahalagang bagay para magbigay ng atensyon sa mga lalaki, at sa pakikipag-boyfriend.

However, tonight she would veer away from her nerdy, socially awkward self. Instead, she would

unleash the temptress that may be forever buried within her.

Nalaman niyang wala pang asawa ang kanyang high school crush at bigla niyang naisip na kailangan na niyang maging bold. At iyon nga ang ginawa niya—literally. Naka-*bold* na nakahiga siya sa kama nito at hinintay itong dumating.

Hindi na alam ni Nikki kung ilang oras na siyang naghihintay roon, hanggang sa nakatulog na siya at ginising na nga lang ng presensya nito sa silid.

“What kind of a sick joke is this? *Wow Mali!* ba ‘to?” the man muttered, hawak ang papel na simulatan niya ng ‘*Early Christmas Gift from Santa,*’ at may nakadrawing na arrow paturo sa kanya.

Bahaw ang tinig ni Jon na halos hindi niya makilala. Marahil dala iyon ng bahagyang kalasingan nito. O niya.

Napatawa siya nang mahina. “Nope. Extra generous lang talaga si Santa, kaya naisipang mamigay ng regalo kahit sa mga naughty boys na gaya mo,” aniya saka tinanggal ang kumot na nakatabing sa sarili. Nalaglag na lang iyon sa sahi.

“Oh, shit!” Dinig niya ang paghingal nito habang nakatuon sa katawan niyang dalawang maliliit na

piraso ng tela na lang ang tabing. Mabilis itong nakalapit. “Nikola...?” nabiglang anas nito pagkakita sa kanya nang husto at bahagya siyang napangiwi.

“Nikki’ na lang. Masakit sa tainga, eh,” nagawa pa niyang ibiro kahit init na init ang mukha.

Matagal na hindi ito sumagot. Na-disappoint ba si Jon?

Gusto tuloy niyang magsisi na hinubad niya ang kanyang salamin, halos bulag tuloy siya ngayon at hindi niya makita nang malinaw ang mukha ni Jon, much less ang reaksyon nito. Isa pa, hindi niya maimulat nang husto ang mga mata dahil sa antok at bahagyang kalasingan. Pero iniisip niya kasi kanina na baka mabasag lang ang salamin niya sakaling maging *maaksyon* ang eksena nila, kaya hinubad na lang niya at ipinatong sa side table.

Nawala ang kaba niya nang mabagal na tumabi ito sa kanya sa kama; propped his head and stared at her in disbelief. Mabining itinaas nito ang isang daliri sa kabilang kamay at masuyong hinaplos ang pisngi niya. “This must be a dream. This can’t be real.”

“I am real,” nagawa niyang sabihin. “At kanina pa kita hinihintay.” Agresibong pumihit siya at idinikit ang katawan dito. Mabilis na nakulong siya sa mga

bisig nito.

Napapikit si Nikki nang idinikit nito ang mukha sa leeg niya. Mayamaya, hinahagkan na nito ang spot na iyon habang mariin siyang kipkip sa sarili. “Your skin is so soft...” anas nito na ibinaba ang isang palad sa baywang niya at pababa pa.

Matagal na niyang alam na guwapo at sexy si Jon, pero hindi niya alam na ganito ito ka-sexy behind closed doors. Boses pa lang nito, ang mabagal pero sensuwal na galaw ng mga kamay at mga labi, tunaw na ang lahat ng buto niya. Para tuloy gusto niyang mainggit sa mga babaeng nakasama na nito sa kama.

Nanginginig na paghinga ang naisagot ni Nikki. Parang nagka-cramp ang buo niyang katawan at hindi siya halos makagalaw.

“God, Nikki...” anas nito, again in that unfamiliar voice. “You have to be f*cking sure about this. Magwawala ako kung joke lang ito.”

There was something about him—probably the need in his low voice that seemed guttural, or the roughness in his touch, or the delicious heat his body was emitting, or all of the above—that made her feel different. He just felt more dangerous and... sensual. Parang hindi ito iyong kanina ay magaang na kausap

niya sa party.

May kasama nang hingal ang tawa niya. “Hindi ito practical joke, I swear. Kiss me. Now.” Lakas-loob niyang isinabit ang mga braso sa leeg nito at idinait ang mayamang dibdib sa dibdib nito.

Jon groaned and again, she felt her body shuddering at the contact. Parang gutom na gutom na bumaba sa bibig niya ang mga labi ng lalaki.

He tasted of beer, and something sweet and very addicting. Sa kagustuhang ma-identify kung ano iyon, ninamnam niyang maigi ang bawat sensasyon. Bagaman kulang sa kasanayan at sa experience, sinalubong niya iyon nang may katumbas na init. But it was still not enough.

Umikot si Jon at pinailalim siya sa mainit at matigas nitong katawan. His hands frantically slid over her curves before finally settling over her scantily-clad breasts. She writhed under him, offering more of her self to him on instinct. Nagmamadaling itinabi nito ang kapirasong tela para mas madama ang dibdib niya.

He kissed her in a very possessive way, his tongue tasting every corner of her mouth, before his lips sucked on her tongue. He was playing with the peaks

of her breasts while doing that... and her body shook with nerve-blazing need.

He muttered an expletive before setting his mouth over her neck. His tongue was like liquid fire as it traveled down to her aching breasts.

She moaned aloud when he took one pebbled peak into his mouth, suckling on it hard.

“Oh, Jon!” tawag niya. “Please don’t stop.”

Sa gulat niya, kabaligtaran ang ginawa ng binata. Parang nagising mula sa pagkakahimbing na itinulak siya nito palayo at kunot-noong tinitigan.

“What did you say?” angil nito.

“W-w-what...?” wala sa loob na tugon niya.

“What did you call me? Wait, you’re not drunk, are you?”

Umiling siya. “N-no. Hindi. I’m not drunk. Konti lang ang ininom ko, pero malinaw naman ang isip ko. I swear!” Napabangon siya at pilit dumilat para makita ito. Nakatayo na ang lalaki malayo sa kama at kaagad niyang na-miss ang init nito. “Jon, come back.”

“F*ck it, Nikki! You’re not wearing your glasses!”

bulalas nito. Mariin nitong inihilamos sa mukha ang dalawang kamay.

“Huh?” litong tanong niya. May fetish ba ito sa mga babaeng nakasalamin? “Jon, I don’t understand.”

Napapamurang dinampot nito ang salamin niya mula sa side table at halos ihagis iyon sa kanya. Tumalikod ito at pinindot ang switch ang ilaw. Pumuwesto ito sa harap niya at matigas ang boses nang sabihing, “Tingnan mo akong mabuti!”

Nalilitong isinuot niya ang salamin at noon niya naintindihan ang sinasabi nito.

Nakakunot-noo sa kanya ang kaharap. Hubad-baro ito kaya nakalantad sa kanya ang lean at tila walang taba nitong katawan. Dumagdag sa kamachohan nito ang lalaking-lalaki nitong complexion. Tumaas ang tingin niya sa angular na panga, sa seksing mga labi na noon ay namumula, sa matangos na ilong, sa masisidhing mata. The expression on his handsome face was grave serious.

And he wasn’t Jon Brenin.

1

Seven hours ago...

“Ah, yes, like that, Nikola.” Huminga nang malalim si Nikki habang tinitigan sa mga mata ang repleksyon sa salamin sa loob ng kanyang kotse. “A lot of people on earth with fifty points less IQ had done this and succeeded. You were named after a brilliant scientist! You graduated *cum laude*, accelerated twice and you’re one of the best in the field of software development. Goodness gracious, you’re brilliant! You can do this!” peptalk niya sa sarili.

Nakakatawa kung malalaman ng iba na ang dahilan ng anxiety attack niya ay ang pakikipagkita sa kanyang mga high school classmates for the first time.

Napakalayo nito sa nakasanayan niya. Ang pinakamalapit sa salitang ‘excitement’ na matatawag sa buhay niya ay iyong achievement kapag may bago siyang naiaayos na computer. ‘Challenge’ na iyong may nagagawa siyang bagong software. ‘Adventure’ na kapag sira o coding ang kanyang kotse at kailangan niyang mag-commute during rush hour papasok o pauwi mula sa opisina. Iyon lang.

Crowds had always made her anxious and nervous. Pero kailangan niyang gawin ito; kahit ngayon lang.

Matapos ang isa pang hugot ng malalim na hininga, lumabas siya ng ladies' room at tinungo ang reception's desk. Magtatanong pa lang sana siya kung saan ang cottage na naka-reserve sa pangalan ng kanyang kaklase nang may tumili mula sa kanan niya.

“Nikola!”

Bago pa siya nakahuma, yakap na siya ni Catherine at bahagyang iniangat pa sa lupa.

“OMG, you're really here!” tarang nito nang bitawan siya at titigan.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga pisngi.

“Sorry, may banggaan sa highway kaya ngayon lang ako dumating,” paliwanag niya.

“Oh, it's nothing. Ang importante, hindi mo kami inindyan gaya ng ginawa mo the past years.” Lalong lumalim ang pamumula niya pero hindi na iyon napansin ng kaibigang may hatak sa kanya. “Tara, kanina ka pa hinihintay nina Jane.”

“Ang ganda naman dito,” puna niya sa mga

nadaanang Filipino-zen decoration ng walkway patungo sa isang malaking villa.

“Siyempre dapat bongga, triple celebration yata ito,” ani Catherine. Birthday ng asawa nitong si Noel na classmate din nila noon, bukod pa sa reunion nila at Christmas party na rin kahit huling linggo pa lang ng Nobyembre.

Nasa hilltop ang resort na iyon at nakaharap sa lawa. Sa kanyang kanan ay nadaanan nila ang isang infinity pool. Parang ang lapit nila sa kalikasan dahil maraming puno sa palibot.

“Buti na lang talaga, nag-decide kang sumama ngayon. Mas masaya ako siyempre ngayong taon.”

Pumasok sila sa isang two-storey villa.

“Guys! Look kung sino’ng napulot ko sa lobby!” anunsyo ni Catherine.

Naghalu-halo ang tilian, tawa at tuksuhan nang makita siya ng mga kaklase. Complete attendance yata ang graduate students ng Batch 2003 ng *Timagong Science High School* Section A roon.

“Nikki!” Sa isang iglap, nakakulong na siya sa mga bisig ni Jane. Bineso siya nito bago binitawan. “Ang sexy mo!” puna nito nang sipatin siya.

“Right, hindi ka na mukhang babaeng version ni Einstein,” sagot ni Margaret. Ang layo na nito sa may vital statistics na 32-24-36 noong high school, pero dahil hindi siya kasing-prangka nito, hindi iyon nasabi ni Nikki. In the first place, never silang naging close ng babae.

Siya ang class nerd noong high school at outcast parati. Sina Catherine at Jane lamang ang talagang kaibigan niya noon. Iyon din ang dahilan kaya hindi siya nag-a-attend noong nakaraang reunions ng mga ito. Alam niya kasing maiilang lang siya kapag kinausap siya ng iba, at siya ngang nangyayari ngayon.

Ngunit sandali lang iyon dahil napalitan ng lito ang hiya niya nang isa-isang ipakilala ng mga kaklase ang mga chikiting ng mga ito. Muntik nang masira ang reputasyon ng kanyang eidetic memory.

“Akin na itong bitbit mo’t dadalhin ko na sa room mo,” sabi ng isang tinig na nagpalingon sa kanya at nagpamilog sa kanyang mga mata. “Hi, Nikki. Looks like the years had been kinder to you. You look beautiful.” Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga pisngi.

“Thanks, Jon,” aniya habang pinupuwersa ang sarili para huwag mahiya. “You look good, too.” *Good,*

Nikki. That was good, lihim na pag-encourage niya sa sarili. Ganyan lang, be natural. 'Wag kang kakabahan.

Si Jonathan Brenin ay kaisa-isa yatang classmate niyang lalaki na mabait sa kanya noon. Ito lang iyong sinserong ngumingiti sa kanya, tumulong sa kanya na tumayo noong mabagsakan siya ng shelf sa library dahil sa harutan ng mga kaklase nila. Ito rin ang umaawat sa mga nang-bu-bully sa kanya. Normal lang siguro na by default, ito ang crush niya.

“Oy, OTP Alert!” buska ng kanilang class clown na nagpa-realize kay Nikki na nakatitig siya sa kaharap.

Sinundan iyon ng mga tawanan at kanyawan.

Nag-init ang mga pisngi niya. Lalo na nang magtama ang mga mata nila ni Catherine. Aksidente kasi nitong natuklasan noon ang secret crush niya sa kaklase.

“Buti na lang talaga sumama ka ngayong taon,” sambit ni Catherine ilang oras matapos ang kanyang pagdating. Pinisil pa nito ang kamay niya. “Ang saya-saya ko talaga ngayon.”

Bahagyang nagkabara ang lalamunan ni Nikki. Iniiwas niya ang tingin sa kaibigan at itinuon ang

tingin sa pool sa di-kalayuan kung saan naghaharutan ang iba nilang kaklase.

Nakokonsyensya siya dahil pakiramdam niya ay ang sama niyang kaibigan na nagawa niyang di bigyan ng kahit kaunting oras kahit si Catherine man lang na tinawag niyang best friend.

“Pasensya ka na kung taong bundok ako n’ung mga nakakaraan,” aniya.

“Oh, it’s okay. Kilala naman kita. Alam kong hindi ka komportableng napapaligiran ng madaming tao,” bale-walang tugon nito.

Kabaligtaran niya, sociable ang babae at noon ay madalas nitong pagtampuhan ang pagiging anti-social niya.

“Pero na-miss kita talaga. Buti na lang, ’andito ka! What made you change your mind, anyway?”

Naramdaman ni Nikki na nag-init ang kanyang mga mata, pero kaagad niyang nakontrol iyon. Kung alam lang ni Catherine kung bakit siya biglang naging sociable...

“Cyst?” nahintakutang tanong niya kay Dra. Roman.

Nag-annual checkup lang sila na provided ng

kompanyang pinapasukan, kaya ganoon na lang ang gulat niya nang sabihin sa kanya ng manggagamot ang hinala nitong nasa dibdib niya.

Tumango ang magandang doktora. “Hindi pa naman tayo sigurado. At hindi lahat ng ganyan ay cancerous, madalas benign lang. I suggest, magpa-mammography ka as soon as possible.”

Pero hindi iyong huling mga sinabi nito ang tumimo sa isip niya kundi iyong katotohanang maaaring may cyst siya sa kaliwang dibdib.

Nag-init ang mga mata niya.

“Bakit ka umiiyak?” tanong ng doktora.

“Natatakot po ako. Yun po kasing mother ko, namatay sa breast cancer. Paano kung...?” Napalunok si Nikki.

“Shh...” Tinapik nito ang kamay niya. “Wag ka munang ma-stress, Miss Asuncion. Puwedeng wala lang iyan. Magpa-mammography ka muna ’tapos saka natin iisipin ang mas mabuting gawin.”

Noon din ay nagpa-mammography siya pero Category 3 ang result. ‘Probably benign finding—initial short-interval follow-up suggested,’ sabi pa roon. In-advise siyang umulit ng test after six months.

Ngayong Disyembre ang ikaanim na buwan mula noon. At naghahanap pa si Nikki ng lakas ng loob para umulit na sumalang sa eksamin.

Posibleng may cancer siya. Puwedeng mamamatay na siya in the near future. Naisip niya, may makikipaglamay kaya sa wake niya o lalangawin lang iyon? May iiyak kaya sa libing niya o uupa ang kanyang ama ng crying ladies? Ano ang sasabihin ng mga kakilala niya sa kanyang eulogy?

Na-realize ni Nikki, wala pala siya gaanong maiiwang alaala sa mga taong nakasalamuha niya—kahit doon sa mga itinuturing niyang mahalaga sa kanya, kagaya ng iilan niyang close friends at kamag-anak. Ni hindi niya naipakita sa mga ito ang pagmamahal niya.

She had invested a lot of time on education, career and other material things, but she had forgotten to invest on memories... on deep meaningful relationships.

Maybe she could not do anything about her demise, but at least, she wanted it to have a beautiful end. Babawi siya, gagawa ng alaala, susubok ng mga bagay na masyado siyang duwag noon upang i-try. Kumbaga sa computer, nag-*Control-Alt-Delete* siya at ngayon ay nag-restart sa buhay. Sinimulan niya iyon

kay Catherine, kaya nga heto siya ngayon—just got out of her comfort zone to attend a reunion.

“Ewan. Mid-life crisis yata. May...” Lumunok siya habang iniisip kung paano ikukuwento sa kaibigan ang totoo. “Basta isang araw, nagising ako at na-realize ko na maiksi ang buhay and I’m missing a lot of things dahil sa pag-isolate ko sa sarili ko.”

“Amen,” sabat ng isang tinig.

Napangiting nilingon niya si Jon.

“Buti na lang talaga’t ’andito ka, at least, hindi ako ang nag-iisang pinagtutulungan ng mga ’yan.” Itinuro nito ang mga kaklase nila.

“Mag-asawa na kasi kayo,” sagot ni Cathy. “I mean, magsipag-asawa na kayo pero mas okay kung kayo rin dalawa ang magkakatuluyan siyempre.” Ngumisi ito bago tumayo. “Sige, d’un muna ako sa loob para matulungan sina Marga sa kusina. Saka para mas makapag-flirt kayo nang maayos.” Sadyang malakas ang boses nito, kaya naghiyawan ang mga kaibigan nila na nakarinig ng sinabi nito.

“Sira ka talaga,” nag-iinit ang mga pisnging komento ni Nikki, ngunit nakatakbo na ang kaibigan palayo.

Nanatili silang nakapuwesto ni Jon sa isang wrought-iron table sa isang sulok ng pool habang ang mga kaklase nila ay kasalukuyang abala sa pagsasayaw, pasu-swimming, o paglalaro ng billiards.

Dahil wala siyang talent sa mga iyon, minabuti niyang manatili sa mesa. Hindi niya alam kung mabait lang talaga si Jon kaya sinamahan siya nito o out of place lang ito sa mga usapang pangpamilyado na.

“Ang kulit nila, ano?” anito, parang nahihiya pa.

“Yes, pero nag-e-enjoy naman ako. Ang saya nga, lalo kaninang nag-exchange gifts tayo.” Nakakatuwa ang mga pinagpamigayang regalo ng mga kaibigan, halos pulos useless at pang-asar lang.

“Partida, wala pa si Bran niyan,” sambit ng binata.

“Bran?” ulit niya kahit may ideya siya kung sino ang tinutukoy nito.

“Si Brandon Duque, with a D as in dog,” anito.

Sabay silang nagkatawanan. Ganoon kasi kung magpakilala ang kanilang ex-schoolmate. Mahirap na raw kasing mamali ng dinig ang kausap nito at iba ang maisip—Iyong bulgar na salitang katunog ng apelyido nito.

Pero nag-iba ang mood niya nang maalala ang ugali ng lalaki. Napasimangot si Nikki nang kaunti. “Palagi ba siyang uma-attend ng reunion?”

“Oo, walang absent ’yun kahit adopted Section A lang,” anito. “Ewan ko d’un kung ba’t wala ngayon. N’ung huli kaming nag-usap, s’abi niya pupunta siya kahit ano’ng mangyari.”

Tumango lang siya. Hindi sila close ng ‘wingman’ ni Jon noon, kaya hindi siya masyadong interesado. Inis siya sa lalaki dahil parati siya nitong ibinubuko sa kaibigan nito noon.

“Teka, I heard software developer ka na ngayon?” kulit ng kausap. “Mayroon akong copy n’ung magazine na may interview sa ’yo noon, pirmahan mo, ah. Lagyan mo ng dedication.” Mapupungay ang mata nitong nakatutok sa kanya, pero hindi siya sigurado kung dahil iyon sa alak o dahil nagpapa-cute lang sa kanya.

Natawa siya kahit naiilang. “Sige, sige. Dapat pala dinala ko rin ’yung book mo at nang mapapirmahan ko rin sa ’yo.” Biotechnologist ang binata at nakapagsulat na ng isang textbook.

“Next time na lang,” anito. “Nga pala, may time ka pa bang mag-part-time teaching? May opening

kasi sa university na pinagtuturuan ko.”

“Nagtuturo ka pa?” gulat na ulit ni Nikki. Ang alam niya ay nagtatatrabaho pa ito sa *DOST*. “Kaya pala single ka pa rin, ang busy-busy mo.”

“Nagsalita ang ngayon lang nagpakita!”

Natawa siya.

Napapunta sa pamilya ang kuwentuhan nila nang tanungin niya ito tungkol sa kapatid nitong schoolmate din nila noon. Habang nagkukuwento si Jon, pinagmasdan niya ito. Alam niya, base sa kinang sa mga mata ng kaharap na mahal ng lalaki ang trabaho nito at nag-e-enjoy ito roon. Naroon din ang pagmamahal nito para sa ina at sa buong pamilya. Alam pa niya, breadwinner ang binata at nagpapaaral ng dalawang kapatid.

If she were given a choice and a chance, she would probably choose this good man to fall in love with. Baka kagaya rin nito ang piliin niyang mapangasawa. Kaso sa malamang ay sakit niya...

Natigilan si Nikki nang may maisip. Sure, posibleng hindi na niya mararanasang maging asawa ni Jon, ang ultimate crush niya. Pero puwede niya itong maging first kiss... o higit pa.

Nag-iinit ang mga pisngi niya sa ideya ng pakikipag-one-night stand kay Jon. Gusto niyang magkaroon ng napakagandang alaala kasama ito.

Kung may choice lang siya, pipiliin niya ang conventional at tamang paraan—maghintay na dumating ang tamang lalaki para sa kanya, fall in love, magpapakasal at magkakaroon ng maraming anak. Pero wala na nga siyang masyadong options. Kailangan na niyang maging drastic. A desperate measure for this desperate time. And to make a bold move. A smile formed on her lips as her brilliant brain devised a plan on how to make this a night to remember.

She breathed deeply, slowly unleashing the inner temptress within her in preparation to seizing the night.

2

At present....

This was steamy, scorching hot sex about to happen.

Iyon ang naisip ni Brandon Duque kanina nang mapasukan ang babaeng nasa ibabaw ng kanyang kama at bahagyang natatakpan ng kumot.

Technically, hindi *kanya* ang kamang iyon. Kay Jon iyon dapat. Hindi siya dapat kasali sa party na ito dahil bagaman kabilang siya sa Class of 2003 ng *TiSci*, hindi siya mula sa Section A. Pero dahil madalas siyang pumasyal sa classroom ng kapitbahay at matalik na kaibigan niyang si Jon Brenin, naka-close na rin niya ang marami sa mga classmates nito.

Marami man silang ipinagkaiba sa personalidad, nagkasundo sila ng binata. Sayang lang, kinailangan nitong umalis na kaagad imbis na magpalipas din doon ng magdamag gaya ng unang plano. Tumawag ang boss nito at inutusan itong mag-attend ng seminar bukas nang umaga kapalit ng superior na umano ay sumama ang pakiramdam. At dahil late na siya dumating, hindi sila masyadong nagkahuntahan

sa kaibigan.

Dahil din late na siyang dumating, hindi pa siya tinatablan ng iniinom nila ay nagsipag-ayawan na ang mga kaibigang pulos lasing na. Mabuti na rin iyon dahil pagod at puyat na siya para maglasing pa.

Gayunpaman, malayo sa pagiging pagod ang kanyang 'junior' kung pagbabasehan ang reaksiyon nito sa anyo ng babaeng nakalatag sa hihigaan niya.

He was ecstatic nang malamang sadyang pinuntahan siya ng dalaga sa kuwartong iyon. Inisip pa niya, baka iyon ang gift ni Jon para sa kanya na nabanggit nitong iniwan na lang umano nito sa silid na iyon dahil nga hindi siya nakaabot sa exchange gift.

Nangunot ang noo niya nang mapansing pamilyar ang babae. Nikki was the batch valedictorian and class nerd. Wala itong masyadong ka-close noong high school maliban kina Catherine at Jane, at sa paminsan-minsang pagsagot nito kapag kinakamusta ni Jon. Sa kanya, medyo suplada ang dating nito. Na kasalanan din niya. Madalas niya ito noong kulitin at tuksuhin sa kanyang best friend na hinala niyang crush nito. Dahil doon, lalo itong naging inis sa kanya.

Hindi naman ito amoy-lasing, kaya inisip niyang

buo sa loob nito ang nangyayari sa kanila. And then, at the height of ecstatic pleasure, she called Jon's name.

Angry and sexually frustrated, he stared at the shocked woman looking at him.

Napasinghap ito nang mapagmasdan siya. "I... I'm sorry. This is a m-mistake." Nagkukumahog na hinila nito ang kumot upang takpan ang halos hubad na katawan at bumangon mula sa kama. "I have to go. I'm really sorry I had—ay, kalbo!"

Dahil nakatingin sa kanya, sumabit ang paa ni Nikki sa kumot at muntik nang bumagsak sa sahi kung hindi lang niya naagapang sapuhin. Pumulupot sa baywang nito ang mga braso niya.

"You okay?" untag niya habang nakatitig sa mukha ng babae.

Namumulang itinulak siya nito sa dibdib. "Yes. And please don't touch me."

Nagpanting ang mga tainga niya dahil para bang nandidiri si Nikki sa kanya sa tono ng pananalita nito.

He chuckled sarcastically. "Funny, you said an entirely different thing a few minutes ago when my mouth and hands were all over you."

Tumingkad ang pamumula ng mga pisngi ng kaharap. “It’s a mistake. Akala ko kay Jon itong kuwarto!”

Para siyang sinapok. Si Jonathan ang hinihintay nito? Para sa best friend niya iyong nadatnan niyang anyo ng dalaga kanina sa kama?

“It was,” sa halip ay parang wala lang na sagot niya. “Kaso umalis na siya dahil kailangan daw sa trabaho.” Lalong nagtagis ang mga bagang niya dahil sa ngitngit, pero hindi niya gustong ipahalata iyon sa babae. “Hmm... it seems to me na hindi ka pa nahalican ni Jon kung ganyang hindi mo kayang i-differentiate ang halik niya sa halik ng ibang lalaki.”

Hindi na kailangang sagutin pa iyon ni Nikki. The blush on her cheeks was speaking volumes.

Ngumisi siya. “If I were you, I’d settle for me tonight. Wala ka na rin namang ibang choice. At least, you know how I good I kiss. Kay Jon, hindi ka pa sigurado kung—”

“Like I said, this was a mistake!” Tumaas nang kaunti ang tono nito at hindi niya alam kung bakit na-cute-an siya lalo sa babae. Twisted na siguro siya kaya ganoon.

O baka epekto iyon ng lasa ng mga labi nito at ng

malambot at mabango nitong balat na kanina ay...

Napalunok si Brandon saka pilit pinutol ang dinadaloy ng maruming isip.

“Just because I’m not Jon?” tanong niya. Humarang siya sa daraanan ni Nikki, itinaas ang mukha nito at nanunuksong tinitigan ito sa mga mata. “Come on, you gotta be kidding me! Mas guwapo naman ako d’un.”

“Please, padaanin mo ako.”

Siguro dahil sa boses nitong pumiyok na, o sa nanginginig nitong palad na tumutulak sa dibdib niya, o sa mga mata nitong namumula na parang gusto nitong umiyak—alinman doon ay humaplos sa puso niya at napabuntong-hiningang gumilid siya at hinayaan itong lumayo. Ngunit bago iyon, muli niyang inabot ang baba nito at itinaas para magtama ang mga mata nila.

“What are—”

“All right. But if you ever change your mind, balik ka lang. I’ll leave my door unlocked.” He teasingly dropped a kiss on her nose before letting her go.

Halos kumaripas ito ng takbo palabas ng silid.

Sarkastiko ang tawang dumerecho siya sa banyo

at hinayaang palamigin ng tubig ang kanyang nag-iinit na katawan. Sana tangayin na rin niyon pati ang ngitngit at frustration niya.

Hindi niya maintindihan ang nararamdaman. Masakit sa ego, not to mention sa puso, na nagpahalik pala si Nikki sa kanya dahil masyadong malabo ang mga mata nito para makilalang si Brandon siya at hindi si Jon. At parang nandiri ito nang matuklasan iyon. And so what?

Sure, parang sa anghel ang mukha nito at pamatay ang legs at kurba ng katawan. Pero masyado itong mahiyain, evasive, at suplada para magkaganito siya. Idagdag pang alam niyang matagal na itong inis sa kanya.

Sa tingin ni Brandon, tanga lang ang lalaking hindi nagka-crush kay Nikola Marie Asuncion. With her angelic face, that enticing voice, and big brains? Kasali na sa mga engot na iyon ang kaibigan niyang si Jonathan na mukhang hindi napapansin na crush ito ng dalaga sa loob ng maraming taon.

Damn that bastard!

Kung sa kanya nagkagusto si Nikki, baka kung saan na sila nakarating ngayon. Anong round na kaya sila ngayon kung nangyaring siya talaga ang pakay

nito sa kuwartong iyon?

“Dammit!” gigil na asik niya sa sarili, habang hinahayaang hugasan ng tubig ang init ng kanyang katawan.

Mukhang tarsier na puyat si Nikki nang magpaalaman sila kinabukasan, pero mukhang tama naman ang pagkaka-apply niya ng concealer dahil walang pumansin doon.

“Binyag ni Macky around three weeks from now, ’wag kang mawawala d’un, ah,” ani Jane matapos siyang bigyan ng mahigpit na yakap at halik sa pisngi.

“Three weeks?” gulat na ulit niya.

“December 16. P’unta ka.”

Hindi niya masabing baka wala na siya pagdating ng date na iyon.

“Sige na!” kulit ni Margaret. “Darating ’yung mga pinsan ni Jane na pulos barako. Malay mo, nand’un na ’yung kapalad mo.”

Natatawang napailing na si Nikki. “Mukhang ginawa ninyo nang goal sa buhay ang hanapan ako ng future husband, ah.”

“Eh, kasi naman parang wala ka man lang magustuhan sa mga nakikilala mo, na-cha-challenge tuloy kami.”

“Saka siyempre, gusto naming maging masaya ka rin kagaya namin.”

Kung maldita lang siya, sasabihin niyang hindi niya kailangan ng asawa o nobyo para maging masaya, ngunit hindi na siya kumibo. Ganoon lang siguro talaga ang mga happily married.

“Niks, Ortigas ka, di ba?” tawag sa kanya ni Thomas.

Nakangiting tumango siya. “Oo, why?”

“Puwede bang pakisabay mo na itong repapips ko? Wala pala siyang dalang sasakyan, eh, di na kasya sa amin.” Nakaakbay ito sa katabing si Brandon. “Okay lang?”

Natigilang napatitig siya sa lalaki. Ilang oras silang magkakasolo sa kotse? Kaya ba niya iyon?

But there was something annoying about his look. Para itong nanghahamon at nang-aasar.

“Sure. Kung mapapagtiisan ba niyang babae ang driver niya, eh,” aniya.

Tumaas ang isang sulok ng bibig ng binata. “Oh, it’ll be an honor na ipag-drive ng most successful alumnus ng *TiSci* Batch 2003, kahit masyado siyang pihikan sa pagpili ng magiging boyfriend.”

Pakiramdam ng dalaga ay sarkastiko ito kaya tinapunan niya ito ng matalim na tingin.

“Bran, ’wag mong masyadong asarin si Nikki, ah. Baka ibaba ka niyan sa gitna ng *Manila East Road*,” saway ni Catherine.

“Oh? She’ll do that?” anitong nakatutok ang mga mata sa kanya. “Well, I’ll behave, promise. I’ll make sure to keep my eyes... and hands to myself. No hanky-panky, I swear!”

Nagtawanan ang mga ito.

“Ayun naman pala, eh! O, pa’no, kitakits na lang sa 16?” sambit ni Thomas. Ang binyag ni Macky na anak ni Jane ang tinutukoy nito.

Nagsipagtangan ang mga ito at nagpaalaman na. Nagsisakayan na sila sa kani-kanilang mga kotse.

“S’an ka?” tanong ni Nikki na hindi man lang lumilingon nang may ilang minuto na silang nagbibyahe.

“I’m meeting someone in Cainta, but you can

drop me anywhere near it,” sagot ni Brandon.

Tumango siya. “Okay.”

Ilang minuto ng nakakabinging katahimikan muli ang pumuno sa kotse. Gayunpaman, ramdam ni Nikki ang presensya nito sa tabi niya; amoy ang aftershave ng binata, ramdam ang init ng balat nito at hindi niya alam kung bakit mabilis ang tibok ng puso niya.

Nang hindi makatiis, sinulyapan niya si Brandon. Inaasahan niyang nakangisi ang kasama o nang-iinis, kaya nabigla siya nang makita ang expression nito. He was looking at her with longing and... was that desire? And why did she suddenly think he looked more handsome today than last night?

“W-what?” nabiglang tanong niya kasabay ng pag-iinit ng mukha.

“What what?” Kumunot ang noo nito nang bahagya.

“Why are you looking at me like that?”

Bumuntong-hininga ito. “You have dark circles under your eyes.”

Muli siyang nag-blush. “Wala bang nakapagsabi sa ’yong impolite ’yang sabihin sa isang babae?”

“You’re still one of the prettiest women I’ve ever met, don’t worry. I’m just saying it looks like hindi ka rin nakatulog kagabi.”

Rin? Ngunit pinili ni Nikki na hindi pagtuunan ng pansin ang detalyeng iyon. “May flattery-proof shield ako kaya ’wag ka nang mag-abalang mambola.” Itinuon niya ang mga mata sa daan para hindi niya ito kailangang lingunin.

He chuckled. Ilang sandaling napuno ng katahimikan ang sasakyan bago ito muling umimik. “I was awake all night, Nikki. I kept thinking about what could’ve been if—”

Her breath hitched. “Stop it.”

Huminto naman ito.

Huminga siya nang malalim. “And please don’t tell anyone about it, lalung-lalo na kay Jon.”

Dumilim ang anyo nito. “Gan’un ba ang tingin mo sa akin? Kiss and tell type?”

Umiling siya. “No. Hindi naman, Brandon,” bawi niya. “But it was a mistake. Ayaw ko lang na... you know, makarating pa sa kanya—sa kanila ’yung katangahan ko.”

Kung puwede nga lang *i-Control+Z* ang ginawa

niya nang nakalipas na gabi, nai-undo na niya sana iyon.

Hindi sumagot si Brandon kaya nagpatuloy siya, “For the record, that was the first time I did something as bold as that.” Hindi niya alam kung bakit siya nagpapaliwanag sa binata. “Hindi ako malandi. Ni hindi ko makonsidera ang sarili ko na moderna o liberated.”

“What, you just like Jon too much?”

Kumunot ang noo niya habang nakatitig sa kaharap na daan. “I guess.”

Inakala niyang tapos na ang paksang iyon dahil matagal-tagal itong natahimik. “Are you planning to do it again?” mayamaya ay untag ng katabi. Kunot-noong nilingon niya ito. “I mean, your plan obviously failed. Iniisip ko lang kung may plano kang ulitin ’yun.”

“Brandon—”

“I can give you tips, o kaya kahit practical application kung paano mang-seduce.”

Nag-init ang mukha niya. “Brandon!”

“Puwede ring gawan ko ng paraan na ako uli ang nasa kuwarto niya pag pinasok mo siya ulit.”

Napatawa ito nang makita ang expression sa mukha niya. “You’re so cute blushing like that.”

“Sige pa, huwag mong ihinto ang pang-embarrass mo sa akin, ibababa talaga kita sa gitna ng kalye!” asik niya.

Lalong lumakas ang tawa nito. “Ikaw naman, Niks, di ka na nasanay sa akin. I was kidding. Ang ganda mo kasi pag nagba-blush.” Tinitigan siya ng lalaki at bahagya na siyang nailang. “So ano na—*Abort, Retry, Fail?*” biro nito na ginaya pa ang error message sa computer.

Matalim niya lang itong inirapan.

“Ah, *Ignore.*”

Pinigil ni Nikki ang ngiting gustong umalpas sa mga labi niya sa kalokohan ng binata. Mabuti na lang tumunog ang phone niya. Sinuot niya ang earphone at kaagad iyong sinagot.

“Hi, Tita!” bati niya sa nasa kabilang linya.

“How’s your mini-vacation?”

Nakahinga siya nang maluwag. Hindi niya kailangang kausapin si Brandon sa buong byahe.

“Kumusta naman po si Tito Edward?” naisipan ni Nikki na itanong sa kanyang tiyahing si Roni Buenavista. Nitong nakaraang linggo ay tumaas ang sugar level ng kapatid nito at ilang araw nang bedridden.

“Okay naman na. Hinahanap ka nga, eh,” balita ng matanda. “Niloloko nga ni Pete,” banggit nito sa pinsan niya, “mukhang ikaw na raw ang bagong paboritong pamangkin at hindi na siya.”

Ngumiti si Nikki. Kung mayroon mang magandang naidulot ang pagkakasakit niya, iyon ay ang pagiging malapit niya sa mga kamag-anakan. For so many years, ilag siya sa mga ito. Lumaki siyang loner kahit noon pang nakatira siya sa bahay ng second wife ng kanyang ama. Iyon din siguro ang dahilan kaya siya anti-social at naging introvert.

Naisip niya noong ma-diagnose ang kanyang ‘sakit’, hindi niya gustong mamatay na lang nang wala man lamang nagawang mabuti sa mga kamag-anakan. Pamilya pa rin niya ang mga ito. Kaya hayun, dinalaw niya parati ang mga ito at siya na mismo ang gumawa ng paraan para magkalapit sila.

“Nga pala, eight months mula ngayon, sixtieth birthday niya na. Napag-usapan namin ng mga tito mo na gawing special ’yun.”

Na-touch si Nikki sa ideya. Bilang panganay at breadwinner sa pamilya mula noong maulila sila sa magulang, si Tito Edward ang nagpaaral sa tatlo nitong mga kapatid, kasama na ang mama ni Nikki. Hindi na nga ito nakapag-asawa dahil sa pag-iintindi sa mga ito. Ngayong matanda na at walang asawa, hindi naman ito pinabayaan ng tiyahin at ng tiyuhin niya.

“Ano po’ng plano ninyo?” excited na usisa niya.

“Alam mo bang nasa banda siya noon ni Anne Aragon?” tukoy nito sa local balladeer noong late 80s na sumikat dahil sa madamdamin nitong pag-awit at mga lirikong tagos sa buto. Hanggang ngayon, marami pa rin ang nanghihinayang sa maaga nitong pagkamatay sa edad na beinte-cinco. Kung hindi ito naaksidente sa kalsada sa gitna ng papausbong pa lang na kasikatan, siguradong marami pa itong nagawang awitin. Baka naging internationally acclaimed pa ito.

“Naikuwento nga po sa akin dati ni Mama,” ani Nikki.

“Mahal na mahal ni Tito Edward mo si Anne. Kaya nga n’ung namatay si Anne, gumawa pa siya ng kanta para sa kanya, di ba?”

May theory sila noon pa na secretly in love ang tito niya sa superstar, siya ring dahilan kaya hindi na nga ito nag-asawa. Nito na lang napatunayan ang theory na iyon.

“Kilala mo ba si Jeff Buckley?” biglang tanong nito.

“Opo naman.” Kahit hanggang ngayon, paborito pa rin niya ang ilan sa mga kanta ng nabanggit na late American rocker kahit hindi iyon madalas marinig sa radyo.

“Alam mo ba, sa US, may theatre d’un na nagpapalabas ng musical adaptation ng *Romeo and Juliet* to commemorate his death every year? Songs ni JB ang featured d’un.”

“Ang galing naman,” aniya.

“Gan’un din sana ang pangarap ni Tito Edward mo. Musical tungkol sa buhay ni Anne, ’tapos mga kanta niya ang kakantahin.”

She smiled. “Maganda po iyong ideya.” At dahil tita niya ay producer ng plays, hindi iyon imposible.

“Ang problema, ’yung pamilya ni Anne. Siyempre kailangan natin silang makausap at hingan ng permiso, di ba? Sa kanila din manggagaling ’yung

kuwento. Matanda na 'yung nanay niya at hindi na makausap; 'yun namang anak niya, ayaw pumayag.”

“May anak siya?” Namilog ang mga mata ni Nikki sa gulat.

Tumango ito. “Oo, anak sa pagkadalaga. Nalaman lang 'yun n'ung namatay na siya. Malamang dahil din d'un sa galit niya sa nanay niya, kaya ayaw pumayag sa offer ko.”

“Bakit naman daw po?” usisa ni Nikki. “Sa galing ni Anne, I'm sure maraming fans niya ang matutuwa sa project ninyong ito.”

Her aunt shrugged. “Ewan. Gusto ko siyang puntahan nang personal kaso wala akong masyadong oras. Alam mo na, trabaho. 'Tapos, may sakit pa ang tito mo...”

Bigla siyang napaisip. “Gusto ninyo, ako na lang ang kakausap d'un sa anak ni Anne?”

“Hindi ba masyadong maiistorbo ang trabaho mo kung gagawin mo 'yun?”

Ngumiti siya. “No problema, Tita.”

Kung alam lang ng mga ito, gusto na niyang bumawi sa lahat ng panahon na nagpakalayo siya ng loob sa mga kamag-anak.

“Oh, Nikki!” Tuwang-tuwang niyakap siya ng tiyahin nang mahigpit. “Thank you so much. I really appreciate it.”

“Sus! Wala po ’yun,” tugon niyang gumanti rin ng yakap. “Para kay Tito, kahit manikluhod po ako sa anak ni Anne, okay lang.”

Pero muntik na siyang panawan ng ulirat nang malaman kung kanino siya maninikluhod.